MJSIR
Mountain Journal of Science and Interdisciplinary Research
PRINT ISSN: 2619-7855
ONLINE ISSN: 2651-7744
July-December 2023 • 83 (2) : 57-70

# Online Modyul para sa MAED Filipino Pagsasaling-Wika: Isang Pagtataya

**Jessica Marie Inalvez-Dela Peña**

*Tarlac State University*
*Author e-mail address: jemariedelapena@yahoo.com*

ARTICLE INFO
*Date Received: 02-10-2023*
*Date Last Revised: 08-27-2023*
*Date Accepted: 10-26-2023*

SUSING SALITA

Online modyul
Online based education
Kotobee Author
Kotobee Reader
e-book
Balidasyon
Antas ng Pagtanggap

KEYWORDS

Online module
Online based education
Kotobee Author
Kotobee Reader
e-book
Validation
Level of Acceptance

**Abstrak**

Ang pag-aaral ay naglayong makabuo ng isang online modyul bilang tugon sa online-based education. Naging sentro ng online modyul ang kurikulum ng MAED FIL 503 Pagsasaling–wika. Ang mga naging layunin ng pag-aaral ay mailarawan ang online modyul batay sa kurikulum gradwadong pag-aaral (MAED-FIL); matukoy ang application sa dulog online; mailarawan ng mga eksperto ang kabisaan ng online modyul batay sa layunin, nilalaman, presentasyon at organisasyon, pagsubok at pagsasanay, matukoy ng mga gurong mag-aaral ang antas ng pagtanggap sa nabuong online modyul at mga implikasyon sa pagtuturo ng pagsasalin sa Filipino. Ginamit ang disenyong pinaunlad na pananaliksik at palarawang pananaliksik. Ang modelong ADDIE ang naging batayan sa proseso ng pagsasagawa ng pag-aaral. Ang mga kalahok: apat na eksperto ng Tarlac State University, isang eksternal balideytor, at gurong mag-aaral sa masteral para sa pagtataya ng antas ng pagtanggap. Batay sa resulta, nagkaroon ng anim na learning topic at Kotobee Author Application ang ginamit sa pagbuo ng online modyul. Sa balidasyon naman, ang layunin, nilalaman, presentasyon at organisasyon, at pagsubok at pagsasanay ay nakapagtamo ng pinakamataas na katanggap-tanggap na deskripsyong berbal sa bawat mean na nasukat. Ang antas ng pagtanggap ng mga kalahok na gurong mag-aaral na sumuri ay nakapagtamo ng mataas na katanggap-tanggap. Isang kahayagan na ang mga panukatan ay angkop sa kasanayang dapat masukat sa antas ng pag-aaral masteral sa paaralang gradwado ng TSU. Bawat panukatan ay nakapagtamo ng mga deskripsyong berbal na pinakamataas na katanggap-tangap daan upang lubos na gamitin ang nabuong online modyul sa kursong MAED FIL 503-Pagsasaling-wika.

**Abstract**

*This study developed an online module for the Master of Arts in Education major in Filipino Translation Course in response to online-based education. It developed the online module based on the graduate study curriculum; determined the application available to use online; described the effectiveness of the online module based on experts' evaluation of purpose, content, presentation and organization, testing, and training; and determined the student-teachers' level of acceptance of the developed online module and the implications in teaching Filipino translation. The study used a descriptive research design and adopted the ADDIE model to evaluate the module. Participants included four experts of Tarlac State University, one external validator, 10 master's teachers, and 15 student-teachers. The Katobee Author Application was used to develop the six learning modules. The validation, purpose, content, presentation, acceptance level, organization, and testing and training obtained*

*a highly acceptable evaluation. By adopting this developed module, professors created a more inclusive learning environment that supports diverse student learning styles and promotes academic success for all students who took the course. Learning and teaching became easier and accessible to graduate students. Teachers became aware of the use of the software by adopting it into other subject courses, which helped them to develop more instructional materials. The module contributed greatly to the teaching and learning process during the pandemic.*

## Pambungad

Napakalaking hamon sa mga guro't mag-aaral ang dagok ng kasalukuyang edukasyon sa panahon ng pandemya. Isang malaking suliranin ang kinaharap ng buong mundo mula na sa iba't ibang mga sektor pribado man o pampubliko lalo na ng mga mag-aaral at ng mga guro sa Department of Education (DepEd) at Commission on Higher Education (CHED). Sa katunayan noong ika-25 ng Marso sa taong 2020 pinahinto ang lahat ng tanggapan ng pamahalaan at edukasyon upang paigtingin ang pagpapatupad ng ECQ sa buong kapuluan ng bansa hanggang ika-14 ng Abril upang maiwasan ang paglobo at pagdami ng mga nahahawang may sakit.

Upang makapagsagawa ng Basic Learning Plan. Isa na nga rito ang pansamantalang pagtigil ng face-to-face education at ang solusyon sa maaaring magawa upang maipagpatuloy ang edukasyon ng mga mag-aaral na Pilipino. Ang panukalang kautusan naman ng CHED CMO No. 4 s. 2020 ay nagsasaad ng implementasyon ng flexible learning bilang solusyon din sa pagpigil ng kumakalat na sakit sa lipunan na madaling makahawa sa isa't isa. Ang pamantayang ito ang nagsilbing gabay ng mga guro't mag-aaral upang makapagpatuloy sa pagtamo ng karunungan. Katulad din ng ahensya sa Departamento ng Edukasyon mula sa polisiyang isinaad sa bilang walo na makikita sa DepEd Order No. 077 s. 2020 na may titulong School Calendar and Activities for School Year 2020-2021 na nakasaad na walang magaganap na mukhaang pagpasok na sinusugan naman ng RA 7797.

Binanggit sa pananaliksik ni Adigue at Policarpio (2022), na malaking hamon sa mga magulang ang makapag-aral ang kanilang mga anak sa panahon ng pandemya na ang tanging tangan ay mga modyul lamang kung kaya't lumabas ang resulta na ang mga magulang ang siyang nakasasagot sa bawat aralin ng kanilang mga anak kaya'y ang rate of learning ay hindi naabot ng karamihan ng mga mag-aaral. Kung kaya't ang pag-aaral ay nagrekomenda ng mga interaktibong modyul na ang nakasasagot lamang ay mga mag-aaral.

Patunay rin mula sa lathala ng United Nation's Children Fund (UNICEF, 2021), na kailangang magkaroon ng edukasyon sa kabila ng umiiral na pandemya. Ang pagbubukas ng mga paaralan ay susi sa mataas na karunungan at hindi ito dahilan upang ang mga bata ay mapag-iwanan sapagkat halos pitumpu't pitong milyon sa mga kabataan ang pinagnakawan ng edukasyon at karunungan.

Ang planong fleksibol na pagtuturo ay nakasentro sa pagkatuto ng mag-isa ang mga mag-aaral na ang pangunahing objektib ay mabigyan ng pinakamainam at magaan na pagsasagawa ng pagtuturo, pag-iiskedyul, at pag-access ng mga inobatibong pagtataya na gagamitin ng guro sa makabagong pagtuturo dulog online. Mula sa mga ganitong pamamaraan at proseso ang siyang nag-udyok sa mga guro na gumamit ng makabagong teknik sa pagtuturo upang maabot ang lektura't aralin na dapat matamo ng mga mag-aaral. Kung saan makadadali at mapahuhusay ang sistema ng edukasyon sa pag-abot sa mga mag-aaral sa kani-kanilang mga tahanan.

Mula sa Out-of-classroom learning modes of delivery na siyang naging mukha ng edukasyon at solusyon upang maiwasan ang pagkikita ng guro't mag-aaral ay naging susi naman sa ganitong modality ang modaliting Distance Learning. Bahagi rito ang modyular na tugon. Isa itong modaliting makagagamit ng iba't ibang platforms sa internet at mga aplikasyong makapagbibigay tugon sa pagsasagawa ng pagtuturo online. Malaki ang gampaning pagbabahagi ng mga kagamitang pamapagkatuto sa mga guro na sila rin ang siyang gumawa nito na maingat at masusing ibinatay sa kurikulum na inihanay ng CHED o ng DepEd.

Dahil dito, nauri ang mga mag-aaral sa kanilang kapasidad na umunawa ng mga lektura sa online at pagkakaroon ng mga gadgets sa pagtatamo ng ganitong flexible learning kahit pa modyular. Kaya naman napabilang ang mga MAED Fil na gurong-mag-aaral sa mga may High Level Categories batay sa CMO No.4. s.2020 na kung saan sila ay nasa uring may pinakamataas na lebel ng pagtatamo sa paggamit at pagkakaroon ng mga makabagong

teknolohiya sapagkat may ganitong kagamitan na sila sa kanilang pagtuturo sa paaralan. Nang dahil dito masasabing hindi masikip ang mundo ng pagkatuto para sa mga ito. May kakayahan ang bawat gurong mag-aaral na maka-access sa mga larangang may displinang panteknolohiya gaya ng paggamit ng e-library, IT-mediated instructional materials at ng mga pagtatayang online. Sa katunayan mula kay Sadeck, O., at Cronjé, J. (2017), sa kanilang pananaliksik lumabas na ang guro ay nakapagtuturo ng madali sa kaniyang trabaho dahil sa mga nakapadrong estratehiya nito sa kaniyang pagtuturo sa tulong ng teknolohiya. Magkagayon, bilang mga guro sa ika-21 siglo ng paaralang gradwado ng Tarlac State University, ay nais na makasunod sa anomang pagbabago kaya't ang pag-aaral na ito ay naglalayong tayain ang kahandaan ng online modyul para sa pagtuturo't pagkatuto ng mga mag-aaral sa paaralang gradwado ng Kolehiyo ng Panggurong Edukasyon mula sa kursong MAED Filipino. Ang online modyul na may mga paksa ng pagsasalin ang siyang naging sentro ng pananaliksik. Ang paggamit ng internet, applications at programming ang siyang bumuhay sa kabuuan ng pag-aaral. Ang Microsot 365 Teams ang naging pangunahing birtuwal na silid at daluyan sa pagtataya at balidasyon ng modyul.

Ginawa ang modyul bilang tugon sa online base education sa panahon ng pandemya at ang pagdalo at ang aplikasyong Kotobee ay naging bagong mukha at bagong pagsasanay sa pagsulat ng isang obrang makatutulong sa pagtuturo online sa mga kursong pangmasteral. Maraming mga aplikasyong kailangang pakibagayan at pag-aralan gaya ng widgets, whiteboard, worksheets, split worksheet, exit slip, timeline, jigsaw puzzle, mind map at marami pang iba. Ito ay libreng ipinagagamit ng kumpanyang google sa lahat ng mga guro at mag-aaral upang higit na mapagaan ang pag-abot ng karunungan at pag-aaral.

Sa pananaliksik ni Manalo (2020), na ang sentro ng pag-aaral ay pagbuo ng modyul sa Panitikan ng mga katutubo mula sa lokalisasyong awtput na ito nagkaroon ng interes ang mag katutubo sa karanungan at Edukasyon kung kaya't mula sa modyul ay nagpakita ng malaking epekto ang paggamit ni Manalo ng wika ng mga katutubo sa pagpasok niya ng pagtuturo ng panitikan sa mga ito.

Gayundin sa pananaliksik ni Emotin-Bucjan (2011), sa kaniyang pag-aaral pinatunayan niya ang kahalagahan ng modyul na ang pokus ng pag-aaral ay ang makabuo ng modyul sa asignaturang English sa pagpapaunlad ng kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral natuklasan niyang naging epektibo at higit na tinaggap ang kaniyang kagamitan sa pagtuturo't pagkatuto ng pagsulat.

Ang pananaliksik ni Cunanan (2018), ay binalidong modyul para sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Ang modyul sa eksperimental na pag-aaral ni Cunan ay nagtamo ng napakahusay na interpretasyon na may 4.57 mean. Ito ay may apat na paksa: 1) ang Wika, 2) Gamit ng Wika sa Lipunan, 3) Kasaysayan ng Wika sa Pilipinas at 4) Ang Kahalagahan ng Pagsulat. Binalido ang kaniyang modyul sa apat na proseso. Ang pag-aaral na ito ay ginawa ng isang mag-aaral sa Masteral na kasalukuyang ilalathala ang kaniyang papel. Katunayan binanggit ni Richard at Renandaya (2002) "the difficulty lies not only in generating and organizing ideas but also in translating these ideas into a readable text" na kung lilimiin ang kakayahan ng pagsulat ng aklat ay ang kabuuang imahinasyon ng kaisipan na siyang naipakikilala sa paraan ng pagsulat. Kaya naging lundayan ng kasalukuyang pag-aaral ang teknolohiya sa pagbuo ng ganitong kagamitan sapagkat naniniwala ang mga mananaliksik na sa paggawa ng online module ay makatutulong ito nang higit sa mga gurong mag-aaral upang sila ay makatugon sa kanilang mga panghanap-buhay na gawain maliban sa pagtugon sa kanilang mga takda sa kursong masteral.

Sa pagpasok ng ika-20 siglo ng pagtuturo hindi na matatwaran talaga ang teknolohiya na bumida sa loob ng mga klasrum. Mula sa pananaliksik ni Balido (2016), na may eksperimental na proseso nakabuo siya ng isang modyul na ginamitan niya ng program application sa kompyuter, ang prezi presentation. Mula sa mga kalahok ng pag-aaral ni Balido na nasa sekondarya ay nagpakita ng 3.45 mean na may interpretasyong berbal na napakahusay. Napatunayan na ang pagpapakilala ng makabagong dulog sa paraan ng pagtuturo ay may malaking kahayagan na lubos na kinagigiliwan ng mga mag-aaral ang ganitong teknik sa pagtuturo. Ang kaniyang pag-aaral ay naipresenta sa harap ng mga dalubguro ng Tarlac State University. Ang pagkakaugnay ng pag-aaral na ito sa kasalukuyang pananaliksik ay nakagamit ng online application ang pag-aaral sa pamamagitan ng Kotobee Author.

Tunay na napakamalikhain ng mga mag-aaral sa ika-21 siglo kaya't kailangang makisabayan ng

mga guro sa mga ito kaya sa pananaliksik ni Santos (2020), bumuo siya ng kagamitang pampagtuturo na ginamitan niya ng makabagong pamamaraan gamit ang kompyuter. Naging mabisang kandungan ng kaniyang modyul ang flipbook builder software na binubuo ng mga araling kuwentong-bayan, epiko, pabula, at maikling kuwento.

Simula pa lamang ng pagbubukas at pagpihit ng ikadalawampung siglo, si Camat (2005) ay nagdebelop na rin ng computer-based multi-media module sa pagtuturo ng asignaturang Chemistry. Gumamit siya ng R and D method na isa sa mga uri ng paraan ng pananaliksik sa kaniyang mga try-out group. Upang mabigyang tuos ang pag-aaral nagbigay siya ng post-test sa mga mag-aaral na nasa ikatlong antas ng sekundarya. Mula sa resulta ng kaniyang mga tagasagot nagpakita ng pitumpu't limang bahagdan (75%) pataas ang modyul na kaniyang ginawa na nangangahulugan lamang na epektibo ang modyul na kanyang ipinabalido sa mga eksperto ng gayong asignatura. Naitala sa rekomendasyon ng kaniyang pag-aaral na ang paggamit ng multi-media module ay sa mga asignaturang nangangailangan lamang ng grapiko, pagpaparinig, at mga disenyong naipapakita at naipapaliwanag ng larawan.

Ang Kotobee Author ay isang komprehensibong e-book creator. Ito ay kinapapalooban ng elektronikong publikasyon (EPUB) na magagamit sa edukasyon, treyning, at publikasyon. Ito ay maaring i-export sa mahigit na labindalawang magkakaibang format ng aplikasyong Kotobee cloud. Malikhain ang pagkakabuo ng aplikasyon ito sapagkat maaaring magamit ang e-book na ito kahit mahina o walang bandwidth ang isang mag-aaral. Lamang siya dapat ay nakapagpasok na ng sinasabing Kotobee Reader upang magamit ang mukha at icons ng aplikasyon sa kaniyang ginagamit na gadget. Ganito nagsimula at nabigyan ng inspirasyon ang mga mananalikisk upang makabuo ng isang kagamitang makatutulong sa mga gurong mag-aaral at makasabay sa takbo ng edukasyon sa bagong kadayawan.

Ang pag-aaral ay may layuning makatulong at maging sagot sa mga suliranin sa kawalan ng mga kagamitan sa pagtuturo ng makabagong modality dahil dito ang mananaliksik ay bumuo ng kagamitang tutugma sa pagtuturo at pagkatuto sa panahon ng kasalukuyang pandemya. Upang malubos at masubok ang pagtataya ng pag-aaral, inilarawan ang modyul sa paggamit ng dulog online batay sa mga aralin ng pagsasalin, tinukoy ang application/platform na maaring magamit sa dulog online modyul sa pagkatuto ng pagsasaling-wika; inilarawan ng mga eksperto ang kabisaan ng online modyul batay sa layunin, nilalaman, presentasyon, organisasyon, tinukoy din ang pagsubok at pagsasanay, inilarawan ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa nabuong online modyul, at ang implikasyon ng pag-aaral sa pagtuturo't pagkatuto ng pagsasalin sa Filipino gamit ang dulog online. Ang mga ito ang siyang naging gabay sa pagtuklas at pagsagot sa kakulangang materyal ng mga guro sa nagtuturo ng pagsasalin sa Filipino.

## Metodo ng Pananaliksik

### Disenyo ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng disenyong R&D (Research and Development) o pinaunlad na pananaliksik at palarawang pananaliksik (descriptive research) upang mailahad ang kahusayan ng modyul gamit ang dulog online. Ipinaliwanag sa The Handbook of Research for Educational Communication and Technology (2001) na ang palarawang pananaliksik ay isang imbestigasyon na naglalarawan at nagbibigay-kahulugan tungkol sa isang bagay o paksa. Mga pagtatanong na nangangailangan ng sarbey at pag-aanalisa ng mga datos. Kung kaya't mula sa mga disenyong ito, kailangang mailarawan ang kahandaan ng isang nabuong materyal na online modyul na magagamit sa pagtuturo't pagkatuto sa bagong kadayawang edukasyon.

Ang pag-aaral ay isinagawa sa Kolehiyo ng Panggurong Edukasyon, Tarlac State University via MS Teams. Mga ekspertong guro sa Filipino, eksperto sa Information Technology (IT) at mga gurong magsisipagtapos ng masteral, at mga gurong mag-aaral na kasalukuyang naka-enrol pa sa paaralang gradwado.

### Pagpapasya sa Bilang ng Sampol at Sampling Technique

Purposive sampling technique naman ang paraan ng pagpili sa mga kalahok sapagkat ang pag-aaral ay ginawa sa unibersidad at ang mga pangunahing kalahok ay mga mag-aaral ng Grawadong Paaralan. Kabilang sa pag-aaral ang limang eksperto sa Filipino na siyang nagtaya at nagbalido sa mga panukatang layunin, nilalaman, presentasyon at organisasyon at pagsubok at pagsasanay ng nabuong online modyul. Kasama rin sa pag-aaral ang 10 na gurong naka-

enrol sa masteral na tapos nang makuha ang kursong pagsasalin upang matukoy ang antas ng pagtanggap sa kabuoan ng online modyul.

Gayon ding teknik ang ginamit sa sarbey ng 15 mag-aaral na kukuha pa lamang ng kursong pagsasalin upang matukoy naman kung anong asignatura/ kurso ang nais nilang magkaroon ng online modyul o e-book sa sunod na trimestreng kanilang kukunin.

**Instrumentong Ginamit**

Gumamit ang pananaliksik ng dalawang pamamaraan una ay ang talatanungang may limang bahagi: (1) layunin, (2) nilalaman, (3) presentasyon at organisasyon; (4) pagsubok at pagsasanay ayon sa pagtukoy ng kahusayan ng modyul gamit ang modaliting online learning.

Ang ikalawa naman ay ang talatanungang sumubok at nagtaya sa antas ng pagtanggap ng mga guro sa nabuong online modyul gamit ang aplikasyong Kotobee Author.

Gumamit din pakikipanayam at sarbey ang mananaliksik upang lubos na masolusyunan ang mga suliraning may kakulangan sa instraksyunal na kagamitan sa mga panahon ng pandemya. Ang mga aralin ay maingat na kinalap din ng mananaliksik sa mga aklat na nakalagak sa silid-aklatan ng unibersidad upang malubos ang implikasyon nito sa pagkatuto.

***Balidasyon ng Instrumento***

Ang mga talatanungang ginamit ay ipinabalido sa isa sa mga lupon ng tagasuri ng aklat (book evaluator committee) ng Kolehiyo ng Panggurong Edukasyon ng Tarlac State University. Ang unang talatanungan ay nahati sa apat na panukatan ang (1) layunin; (2) nilalaman; (3) presentasyon at organisasyon; (4) pagsubok at pagsasanay na ginamit ng mga balideytors. Ang talatanungan sa bawat panukatan ay may sapat at angkop na perspektiba na susukat sa binuong online modyul. Ang mga detalyeng sinuri ay nasukat ayon sa mean na kinalabasan ng pagtataya na may kaukulang interpretasyong berbal, sa gayon ay naipakita ang sukat at katapat na kahulugang bigat mula sa kabuoang sagot/taya ng mga balideytors.

Samantala ang ikalawang talatanungan naman mula sa pagtukoy ng antas ng pagtanggap ay may 15 katanungang sumukat ayon sa kabuuang bahagi ng nabuong online modyul na kasamang ipinabalis sa lupon ng mga tagasuri ng aklat (book evaluator committee) ng Kolehiyo ng Panggurong Edukasyon ng Tarlac State University.

**Pamamaraan at Pangangalap ng Datos**


Ang pagpasok ng pandemya ang pangunahing suliranin sa pag-aaral kung kaya't nabuo ang kagamitan upang masolusyonan ang kakulangan. Ang prosesong ginawa sa pag-aaral ay ang paggamit ng modelong ADDIE (Figyur 1) mula sa teoretikal na paliwanag ni Kurt (2017). Dito binigyan ng mga akrostik na depenisyon ang bawat hakbang na gagawin ng mananaliksik, ang A-sa Analisis, D-sa Disenyo, D-sa Debelopment, I-sa Implementasyon at E-sa Ebalwasyon. Gaya ng mga pag-aaral nina Yusaf, Rahman at Hamid (2023), at Sulistyaningrum, Wibawanto, at Purwanti (2023) na pawang ADDIE rin ang kanilang ginamit sa pagdebelop ng kanilang mga kagamitang instraksyunal. Narito ang balangkas sa pamamaraan ng pag-aaral.

Ang balangkas konseptwal na ito ay nagpapakita kung paano ang naging hakbang sa isinagawang pag-aaral batay sa sinundang silabus ng kurso na may espisipikong paksa sa pagsasaling-wika. Ang naturang online modyul ay tinatayang magamit sa susunod na ikatlong semestre ng taong panuruang 2021 hanggang 2022 na may titulong MAED FIL 503 – Pagsasaling-wika.

Sa unang bahagi ang **A-analysis**, ito ang hakbang na may pagpaplano at pagsusuri sa kung ano sa mga kurso ng MAED FIL ang higit na nangangailangan ng mga ganitong pag-aaral sa panahon ng pandemya upang lalong mapayabong ang pagtuturo't pagkatuto ng mga gurong mag-aaral na kumukuha ng Master of Arts in Education medyor Filipino. Nagkaroon muna ng sarbey sa mga gurong mag-aaral sa paaralang gradwado kung anong asignatura ang nais nilang magkaroon ng dulog online modyul. Ang napagpiliang mga asignatura ay nakabatay sa prospektus ng kurikulum ng MAED Filipino na bubuksan sa ikatlong semestre ng taong panuruan 2021-2022. Ito ay ang pagsubok sa pagkakaroon ng online modyul o e-book sa mgamag-aaral sa kursong ito ng paaralang gradwado. Dahilan ng kawalan ng mga kagamitang magagamit sa pagsasalin, nakapagtala ng resultang halos 86% o 13 sa 15 na mag-aaral na pinili ang pagsasaling-wika (Talahanayan 1).

**Figyur 1**

*Prosesong Daloy ng Pag-aaral*




**Talahanayan 1**

*Frequency Distribution ng "Mas Mainam na Asignatura na Gagawan ng E-book sa MAED FIL" (n=15)*

| Kurso | f | % | *Ranggo* |
|---|---|---|---|
| MAED FIL 503 – Pagsasaling – Wika | 13 | 86% | 1 |
| MAED FIL 507 – Malikhaing Pagsulat | 2 | 13% | 2 |
| MAED FIL 506 – Pamamahayag | 1 | 6% | 3 |

Malinaw na naipakita sa talahanayan na ang pagsasaling-wika ang siyang higit na pinaboran ng mga mag-aaral sa Masteral gradwadong paaralan medyor sa Filipino.

Sa ikalawang bahagi, ang **D-disenyo** ng online learning modyul sa pagsasaling-wika. Sapagkat isa sa mga katangiang dapat taglayin ng isang guro upang masipat nito ang mga kahinaan at kakulangan sa kaniyang pagtuturo, kailangang siya ay makahanap at makatuklas ng mga pamamaraan upang magampanan at masolusyunan ang mga ganitong suliranin at isyu sa loob ng kaniyang klasrum.

Ginamit dito ang Kotobee Author application na siyang pinaka-angkop na platform para sa online distance learning ng paaralang gradwado. Makikita ang paraan ng paggamit ng Kotobee sa G2 Deals (2021), mula sa overview ng pagpapakilala sa aplikasyon, maging ang halaga kung ito ay bibilhin bilang permanenteng aplikasyon sa pagbuo ng modyul. Ang aplikasyong Kotobee ay higit na mainam na gamitin dahil sa kakaibang mga features nito at kakayahan na magamit kahit walang internet connectivity ang isang mag-aaral. Pinag-aralan din sa bahaging ito ang mga aykons na nakapaloob sa Kotobee Author, ang paggamit ng hyper link, widgets at iba pang aplikasyon na nakatulong nang higit sa pagbuo ng online modyul sa pagsasaling-wika. Pumili rin ng mga larawang mula sa creative commons at mga bidyong naka-upload sa social media platforms nang sa gayon ay higit na makatutulong sa pag-unawa ng mga aralin sa bawat kabanata ng binuong elektronikong modyul. Sa ikatlong bahagi, ang **D-debelopment**, dito nakapaloob ang pagdedebelop at pagbuo ng modyul sa pagsasaling-wika batay sa (1) Layunin, (2) Nilalaman, (3) Organisasyon at Presentasyon at (4) Pagsubok at Pagsasanay. Sa bahaging ito rin nakapaloob ang mga sumusunod na aralin: Aralin 1: Pagsasaling – wika: Introduksyon at Katuturan; Aralin 2: Katangian ng Tagapagsalin; Aralin 3: Kasaysayan ng Pagsasalin; Aralin 4: Yugto ng Pagsasalin; Aralin 5: Simulain sa Pagsasaling-Wika; at Aralin 6: Mga Paraan ng Pagsasalin. Bawat aralin ay maingat na isinulat at binigyan ng sariling

perspektiba ayon sa pagkaunawa sa mga teorya, pamamaraan, hakbang at teknik ng pag-aaral sa pagsasaling-wika. Ang kabuoan ng nadebelop na e-book mula sa Kotobee application ng bawat kabanata ay may bahagi na gaya ng sumusunod: Tamuhin Mo- Makikita rito ang tunguhin na dapat matamo ng mga mag-aaral batay sa kompitensiyang sinusunod sa kurso matapos ang bawat kabanata. Subukan Mo-Ito ang paunang pagtataya na susubok sa mga mag-aaral batay sa kahandaan ng kanilang matutuhan. Alamin Mo -Ito ang bahagi ng nilalaman na mga tipak na paksang mapag-uusapan sa klase at mapagninilaynilayan ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral mag-isa birtuwal man o hindi. Pagyamanin Mo-ito ang bahagi ng e-book na kinapapalooban ng mga karagdagang kaalaman na mula sa iba't ibang mga link na makapagbibigay ng malawak na pag-unawa at pagpapalalim ng perspektiba sa mga tipak na paksa ng bawat kabanata. Kayanin Mo-ito ang mga huling pagsubok pa na kakaharapin sa pagkamit ng kurso. Mga gawaing pagsasalin, repleksyon, reaksyon at pagbuo.

Ang ikaapat na bahagi ay ang **I-implementasyon**, dito ginawa ang pagpapabalido ng nabuong modyul sa pagsasalin sa mga gurong eskperto gamit ang batayang talatanungan na sinuri at nabalido ng isa sa mga komite sa tagasuri ng aklat sa unibersidad. Upang matukoy naman kung gaano ang lebel ng pagtanggap sa modyul sa ng mga gurong nagsipagtapos na sa masteral ay tinaya ang online modyul bilang kagamitang pampagtuturo sa proseso ng pagtuturo't pagkatuto ng pagsasaling-wika gamit ang MS TEAMS na siyang naging birtuwal na silid sa pagpapakilala ng online modyul sa pagkatuto ng pagsasaling-wika.

Sa huling bahagi ay ang **E-ebalwasyon**, ang pagsasagawa ng ebalwasyon sa mga datos na nakaayon sa suhestiyon at komento ng mga gurong eksperto upang matukoy ang mga kinakailangang irebisa sa online modyul ng pagsasalin. Sa pamamagitan ng ebalwasyon ng mga datos ay nakita ang mga dapat na baguhin at iayos pa mula sa detalye ng layunin, nilalaman. Presentasyon at organisasayon maging ng mga pagsubok at pagsasanay na siyang awtput ng pag-aaral. Sa bahaging ito, ang online modyul sa pagsasalin ay nakabuo ng isang bagong kagamitang pampagtuturo para sa mga kumukuha ng MAED Fil sa kolehiyo ng Panggurong Eduaksyon ng Tarlac State University. Ganito nabuo ang proseso at pamamaraan ng pananaliksik.

**Pagsusuring Pang-istatistika**

Katunayan naman talagang iilan lamang ang mga sangguniang mapagkukunan sa pagsasalin na nakasulat sa Filipino kung hindi ang kay Alfonso Santiago sa kaniyang aklat na "Sining ng Pagsasaling-wika" ang kay Pat Villafuerte na may pamagat na "Introduksyon sa Pagsasaling-Wika: Teorya at mga Halimbawa". Ito ang isa pa sa malalim na hangarin at layunin kung kaya't nabuo ang ganitong pag-aaral. Dumaan sa pag-aanalisa ng mga datos at tipak na mga paksa sa pagsasaling-wika na kakailanganin sa pagbuo ng online modyul na nakatuon sa kahingian ng mga kasanayang matataya sa silabus ng kurso.

Ginamit naman ang frequency count sa istatistikang pagsusuri. Upang matukoy ang kabuuang interpretasyon ng bawat aytem mean ang ginamit sa pag-aaral. Sa bawat kabuoang interpretasyong berbal ay may pagkakakilanlan sa kahulugan ng aytem na nasuri batay sa resulta ng pag-aaral. Makikita sa ibaba ang mga aytem na naglalarawan sa iskor, interbal at interpretasyong berbal.

| Iskor | Interbal | Interpretasyong Berbal |
|---|---|---|
| 5 | 5.0-4.50 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap |
| 4 | 4.49-3.51 | Mataas na katangap-tanggap |
| 3 | 3.50-3.00 | Katanggap-tanggap |
| 2 | 2.99-2.00 | Hindi gaanong katanggap-tanggap |
| 1 | 1.99-1.00 | Di katanggap-tanggap |

## Paglalahad ng Resulta ng Pananaliksik

Ang bawat institusyon at ahensya ng gobyerno sa panahon ng pandemya ay kaakibat ang malaking suliranin kung paano magsisimula at makapagpapatuloy sa buhay. Bilang guro, mag-aaral at simpleng mamamayan ay humuhugot ng panibagong kalakasan sa kung ano ang magagawa sa kasalukuyan. Dahil sa nahahantad ang bawat isa sa internet at taglay nitong kabutihan sa mga panahong ito, naging daan ng mananaliksik ang pagbuo ng kagamitang instraksyunal na siyang makatutulong at magpapabilis sa pagkatuto ng mga gurong

mag-aaral sa paaralang grawado ng Tarlac State University. Mula sa mga datos na nakalap at nasuri sa pag-aanalisa kung anong asignatura sa MAED Filipino ang gagamitan ng e-module lumabas ang siyamnapu't pitong bahagdan (97%) na sarbey o labing-apat sa mga gurong mag-aaral sa MAED FIL ay gustong magkaroon ng online modyul kung kaya't ang pagbuo ng online modyul ay nabigyan ng pagtataya at pagsusuri upang matugunan ang pangangailangang ito sa pagtuturo't pagkatuto.

**Ang Katangian ng Modyul sa Paggamit ng Dulog Online Batay sa mga Aralin ng Pagsasalin**

Dahil sa mahigpit na pag-iingat upang hindi makahawa at mahawa ng COVID19, nadebelop ang kagamitang instraksyunal para sa mga gurong mag-aaral ng Master of Arts in Education medyor sa Filipino o MAED FIL ang Pagsasaling-wika. Ang MAED FIL 503 na siyang kowd ng kurso at may deskripsyong titulo na Pagsasaling-wika ay nabuo nang may tipak na mga aralin sa anim na kabanata ayon sa sinusundang silabus. Ito ay ang mga sumusunod: Aralin 1: Pagsasaling–wika: Introduksyon at Katuturan; Aralin 2: Katangian ng Tagapagsalin; Aralin 3: Kasaysayan ng Pagsasalin; Aralin 4: Yugto ng Pagsasalin; Aralin 5: Simulain sa Pagsasaling-wika; at Aralin 6: Mga Paraan ng Pagsasalin. Ang bawat aralin ay may track na gabay na kinapapalooban ng mga pariralang salitang naglalarawan sa bawat lokasyong bahagi ng aralin. Nabuo ang Tamuhin Mo; Subukan Mo; Alamin Mo; Pagyamanin Mo; at ang Kayanin Mo. Gayundin kasama ang Banner End bilang pagbati sa bawat gurong mag-aaral na sila ay nakatapos sa bawat aralin ng mga kabanata.

Ginamit pa ring batayan ang mga aklat, artikulo, at pag-aaral ng mga iskolar sa pagtalakay sa loob mismo ng online module. Ginamitan ng mga hyperlink at widgets ang mga pagsasanay nang sa gayon ay magkaroon ng panibagong paraan ng pagtataya sa mga pagsasanay.

**Ang Application/Platform na Nagamit sa Dulog Online Modyul sa Pagkatuto ng Pagsasaling-Wika**

Upang matugunan ang suliraning ito sa dulog online learning, ang Kotobee Author ay isa sa nagbigay ng pag-asa at solusyon sa bagong kadayawang edukasyon. Nagsimula sa taong 2011 at nilikha sa malikhaing kaparaanan ng isang kumpanya sa bansang Ehipto, siyudad ng Cairo ang Kotobee.

Sa paglikha ng mayamang lektura at sopistikadong disenyo ng elektronikong aklat ang kotobee author ay may mga naka-install nang features na: (a) Branding, ito ang features na makapipili ang manunulat ng kaniyang sariling pagkakakilanlan mula sa kaniyang nabuong elektronikong aklat. Mula sa kulay, disenyo at pagbuo niya ng logo na mula na rin sa mga nakapaloob na imahe na makikita sa iba't ibang social websites na itinuturing na creative commons o ginagamit ng publiko para sa edukasyon, paghahatid ng impormasyong pang medesina, advertisement at katulad pa ng mga ito; (b) Interactive Content, sa features na ito nagagamit ng developer o manunulat ang mga malikhaing bidyo, larawan, audio, book widgets para sa mga laro at pagtataya sa pagbuo niya ng mga aralin sa bawat kabanata ng kaniyang disiplina, kurso o asignatura; (c) export to any format, dito naman maipapasa, mabubuo at mailalagak ang kabuoan ng ginawang elektronikong aklat. May labindalawang e-book format ito kasama na ang format sa mga mobile phones; (d) Custom reading experience, ang feature na ito ay kakaiba sa pagkakabuo na makapagbibigay ng natatanging karanasan sa mag-aaral sa pagbasa nila ng kanilang mga lektura. Dito maaaring magamit ng isang guro ang tinatawag na hyperlink tool na kung saan maibibigay niya ang lektura sa higit na inaasahan ng mag-aaral di gaya sa tradisyunal na pagbasa niya sa isang aklat. Ang hyperlink na ito ay may mga kakayahang makapagbigay ng kahulugan mula sa mga salitang naiiba ang kulay/naka-highlight. Maaaring madala ang pagbabasa sa link na inilagay ng guro upang maipakita nito ang iba pang kaisipan, detalye o larawan ng/sa binabanggit na salita sa loob ng pangungusap; (e) Import external sources, dito maililipat ng guro ang mga nagawan niya ng malikhaing elektronikong aklat sa PDF, HTML, Word, o EPUB files; (f) Sync audio, maaaring maipasok sa feature na ito ang anomang awitin, musika, o ritmo na maaring makapagbigay ng buhay at kakaibang karanasan sa loob mismo ng nabuong elektronikong aklat,; (g) Advanced editing tools, ito ang mga kagamitang nakapagbibigay sa loob mismo ng elektronikong aklat ng kakaibang karanasan sa paggamit ng mga mag-aaral; (h) Smart preview, ang mukha ng feature na ito na maaaring makita sa iba't ibang gadget ng isang guro ang mukha ng kaniyang e-book na nililikha kung ito ay bubuksan ng kaniyang mga mag-aaral.

**Antas ng Ebalwasyon ng mga Eksperto sa Kabisaan ng Online Modyul**

***Ayon sa Layunin***

Sa kabuuang mean ay nakapagtamo ng pinakamataas na weighted mean na 5.0 na may berbal na deskripsyon na pinakamataas na katanggap-tanggap lubos na balido ang resulta mula sa mga eksperto (Talahanayan 2). Ito ay nangangahulugang ang bawat layunin sa kagamitang pampagtuturo na nabuo ay naihayag at naaayon sa kasanayang pampagkatuto na dapat matamo ng mga mag-aaral.

***Ayon sa Nilalaman***

Base sa Talahanayan 3, nangangahulugan na ang nilalaman ng kagamitang pampagtuturo ay nakatulong sa mga lektura ng pagsasaling-wika upang malinang ang kaisipan ng mga mag-aaral, maging mapanuri at maging malikhain mula sa

**Talahanayan 2**

*Resulta ng Balidasyon ng mga Eksperto sa Layunin*

| Panukatan | Weighted Mean | Antas | Berbal na Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Ang mga layunin ay malinaw na inilahad at madaling matamo ng mga mag-aaral. | 5.0 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| Nauugnay sa paksa ang bawat layunin. | 5.0 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| Natatamo at nasusukat ang layunin bat-ay sa kakayahan ng mga mag-aaral. | 5.0 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| Nalilinang ng mga layunin ang lohikal at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. (i.e., meditation, breathing exercises) | 5.0 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| **Kabuuang Mean** | **5.0** | **Pinakamataas na Katanggap-tanggap** | **Lubos na Balido** |

**Talahanayan 3**

*Resulta ng Balidasyon ng mga Eksperto sa Nilalaman*

| Panukatan | Weighted Mean | Antas | Berbal na Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Buo at akma ang konsepto ng modyul. | 4.8 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| Nagtataglay ng kaasalang pang-edukasyon ang nilalaman ng modyul. | 5.0 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| May sapat na kaalamang natatalakay sa teksbuk na lumilinang ng pag-unawa at napapanatili nito ang mahahalagang impormasyon lokal man nasyunal o ibayong dagat. | 4.6 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| Nagtataglay ng dagdag kaalaman sa wika | 5.0 | | |
| Nahihikayat na makapagnilay upang masauri ang sariling kaalaman sa wika, bayan, politika at kultura. | 5.0 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| **Kabuuang Mean** | **4.88** | **Pinakamataas na Katanggap-tanggap** | **Lubos na Balido** |

pagsagawa, pagsiyasat sa iba't ibang kaalaman. Higit lalo ito ay may deskripsyong berbal na lubos na balido sa resulta ng mga eksperto.

***Ayon sa Presentasyon at Organisasyon***

Ipinakikita ng resultang ito na hindi binuo ang kagamitang pampagtuturo upang pahirapan ang pag-intindi ang mga mag-aaral, bagkus ito ay ginawa upang mas mapadali ang kanilang pag-unawa sa mga araling matatalakay (Talahanayan 4). Ang pagkakaroon ng masistematikong pagkakasunod-sunod sa isang kagamitang pampagturo at pampagkatuto ay mahalaga. Kinakailangang magtaglay ng kaayusan ang mga ganitong kagamitan dahil dito nakasaalang-alang ang pag-iintindi ng mga mag-aaral na gagamit. Kailangang sa presentasyon at organisasyon pa lang ang magkaroon na ng kalinawan at interes ang mga mag-aaral na gagamit sa e-book o elektronikong aklat na ginamitan ng Kotobee application. Ang tugon sa resulta na lubos na binalido ng mga eksperto ang kagamitan ay nakatitiyak ang pag-aaral na makatutulong ito ng higit sa pagtuturo't pagkatuto ng pagsasalin sa Filipino.

***Ayon sa Pagsubok at Pagsasanay***

Naipakita ang resulta sa bahaging ito na lubos na balido at may pinakamataas na katanggap-tanggap na antas ang pagsubok at pagsasanay sapagkat gumamit ng makabagong paraan ng mga pagsasanay ang mananaliksik na siyang kinagiliwan ng mga mag-aaral sa pagsagot sa mga pagsasanay at sinang-ayunan naman ng higit ng mga eksperto (Talahanayan 5). Gaya ng nabanggit na mga aplikasyong nakatulong sa pagbuo ng mga pagsubok at pagsasanay sa pag-aaral na ito ginamit ang whiteboard, widgets, jigsaw puzzles, split whiteboard, at Memory Game sa pagsasagawa ng mga pagsubok at pagsasanay sa loob mismo ng bawat kabanata. Sa pamamagitan ng mga aplikasyong ito, nalapatan ng mga laro ang pagsasanay na higit na nakaganyak sa mga mag-aaral na basahin at magpatuloy sa pagkatuto nang sa gayo'y masagot ang mga pagsasanay rito.

***Kabuoang Balidasyon ng mga Experto sa Nabuong Kagamitang Pampagtuturo***

Ipinapakita ng Talahanayan 6 ang kabuoang resulta ng balidasyon ng mga expert sa nabuong module. Nakapagtamo man ng weighted mean na 4.88 ang nilalaman na siyang may mababang sukat ngunit may interpretasyong berbal na lubos na balido at antas na pinakamataas na katanggap-tanggap sapat pa rin upang masabing mahusay at naayon ang elektronikong aklat sa pag-aaral ng pagsasaling-wika sa kursong MAED FIL 503 na may deskripsyong Pagsasaling-wika sa paaralang gradwado, Kolehiyo ng Panggurong Edukasyon ng Tarlac State University.

**Talahanayan 4**

*Resulta ng Balidasyon ng mga Eksperto sa Presentasyon*

| Panukatan | Weighted Mean | Antas | Berbal na Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| May kaayusan ang pagkakabuo ng modyul at madaling magamit sa anomang uri ng platform. | 5.0 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| Gumamit ng mga salita sa teksbuk na madaling masundan at maunawaan. | 4.8 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| May malinaw na pagkakalahad ang mga gawain sa bawat aralin. | 5.0 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| May kaaangkupan sa mga larawan/ grapikong ginamit. | 4.8 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| Nauunawaan at madaling masundan ang bawat aralin dahil may maayos na pagkakasunod-sunod. | 5.0 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| **Kabuuang Mean** | **4.92** | **Pinakamataas na Katanggap-tanggap** | **Lubos na Balido** |

**Talahanayan 5**

*Resulta ng Balidasyon ng mga Eksperto sa Pagsubok at Pagsasanay*

| Panukatan | Weighted Mean | Antas | Berbal na Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Tumtugon sa kakayahan ng mag mag-aaral ang bawat pagsasanay. | 5.0 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| Ang mga pagsasanay ay may kaayusang lohikal upang masukat ang kahingian sa bawat aralin. | 5.0 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| Humuhubog sa High Order Thinking Skills ang mga pagsasanay. | 5.0 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| Nakapagbibigay aliw at interes ang mga pagsasanay. | 5.0 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| **Kabuuang Mean** | **5.0** | **Pinakamataas na Katanggap-tanggap** | **Lubos na Balido** |

**Talahanayan 6**

*Resulta ng Kabuoang Balidasyon ng mga Eksperto sa Nabuong Kagamitang Pampagtuturo*

| Panukatan | Weighted Mean | Antas | Berbal na Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Layunin | 5.00 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| Nilalaman | 4.88 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| Presentasyon at Organisasyon | 4.92 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| Pagsubok at Pagsasanay | 5.00 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| **Kabuuang Mean** | **4.95** | **Pinakamataas na Katanggap-tanggap** | **Lubos na Balido** |

### Antas ng Pagtanggap ng mga Mag-aaral sa Nabuong Online Modyul

Ang mataas na kalidad ng sariling kagamitang pampagtuturo o ang nabuong online modyul ay mayroong sapat na pagsasanay at gawain na magagamit ang mga mag-aaral para magpatuloy sa pag-aaral lalo na sa panahon ng pandemya na kung saan limitado ang galaw ng mga tao. Ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng sariling pagkatuto at karunungan na kinakailangang maging malaya at awtentiko na humahantong sa kaniyang naisin sa buhay at pagsisikaping makamit pa ito sa tulong ng kaalamang binabahagi ng makabagong kagamitang pampagtuturo. Katulad ng pag-aaral na ginawa nina Yusaf et al. (2023), matapos magamit ang nadebelop nilang kagamitang panteknolohiya sa mga mag-aaral nila sa Grade 12 gamit ang google site tumaas ang lebel ng kanilang pagkatuto matapos makilahok sa pag-aaral. Nagbigay din ng magandang tugon ang mga mag-aaral sa paggamit ng kagamitan matapos ang isinagawang pag-aaral.

Sa tulong ng aplikasyong Kotobee ang mananaliksik ay nakalikha ng kagamitang panturo na magagamit ng mga guro sa Filipino na dumaan sa proseso ng pagbabalido sa mga gurong eksperto at ng mga mag-aaral upang matiyak ang kabisaan nito. Ito ay nag-iwan ng malaking bahagi at impak sa pagtuturo sa mga gurong mag-aaral na kumukuha ng MAED FIL.

**Talahanayan 7**

*Resulta ng Antas ng Pagtanggap ng mga Mag-aaral sa Nabuong Online Modyul*

| Panukatan | Weighted Mean | Antas | Berbal na Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Madaling maunawaan ang mga naipakitang aralin sa modyul. | 4.84 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| Madaling masundan ang mga panuto sa aralin. | 4.64 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| Kasiya-siya at nakakapukaw ng interes ang mga aralin at kasanayan sa modyul. | 4.52 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| Nakapagbibigay ng sapat na oras upang matapos at matutuhan ang mga aralin | 4.44 | Mataas na Katanggap-tanggap | Higit na Balido |
| Madaling makasunod ang mga mag-aaral kahit sila ay nasa kani-kanilang bahay sa tulong ng modyul. | 4.20 | Mataas na Katanggap-tanggap | Higit na Balido |
| Nakapatatangal ng pagkayamot sa pagtuturo-pagkatuto ng aralin. | 4.56 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| Nagbibigay daan upang matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan ang mga aralin sa pagsasaling wika. | 4.60 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| Nahihikayat na matutong mag-isa tungo sa ikauunlad ng pangkaisipan at sa paggamit ng wikang Filipino | 4.24 | Mataas na Katanggap-tanggap | Higit na Balido |
| Nalilinang ng modyul ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng may pang-unawa. | 4.60 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap | Lubos na Balido |
| Ang mga nilalaman ay tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. | 4.40 | Mataas na Katanggap-tanggap | Higit na Balido |
| **Kabuuan** | **4.46** | **Mataas na Katanggap-tanggap** | **Lubos na Balido** |

Ang nabuong online modyul sa Kursong Pagsasaling-wika na kinapapalooban ng mga lektura't mga pagsasanay at gawain na mga layuning matiyak ang kakayahang mag-isip, magamit ang bagong kaalaman at magkaroon ng kawilihan ang mga mag-aaral sa pag-aaral at pagkuha ng mga ito sa kurso ng pagsasalin. Kaya marapat lamang na naaangkop sa kanilang mga interes sa paglikha ng makabagong kagamitan ang paraan sa pagtuturo tulad ng online modyul na ito gamit ang aplikasyong Kotobee Author na maaring magbigay ng kaalaman anumang oras sa mga mag-aaral.

Sa artikulo ni Pumpo (2023), ipinakita dito ang mga aplikasyon sa internet na higit na kinagigiliwan ng mga mga mag-aaral. Ito ay ang nearpod, viper windows, attendance, too noisy, thinglink, answer garden, poll every where, slido, blurb at book creator, lulu, storybird, writereader, behaviorflip, at bouncy balls. Sa kasalukuyang pag-aaral higit na naging mainam ang paggamit ng Katobee Author sapagkat kahit walang internet ang mga gurong mag-aaral ay maaari nila itong gamitin lamang dapat ay may naka-download itong aplikasyon.

Sa buhay ng isang mag-aaral mahalaga ang pamamaraan ng pagtuturo o ang pagkatuto dahil nakasalalay sa mabuti at epektibong paraan ng guro ang kaniyang ikahuhusay at ikapapanuto para mapanatili ang kanilang interes matuto. Ang angkop na kagamitan pampagtuturo ay makakalilikha ng isang epektibo at maayos na pagkatuto sa mga mag-aaral at matutukoy ito sa pamamagitan ng kakintalang naiiwan sa kanilang kaisipan.

## Konklusyon at Rekomendasyon

Sa kabuuan, ang pananaliksik na ito ay masasabing may malaking pakinabang sa pagtuturo at pagkatuto ng kurso sa pagsasaling-wika sa panahon ng pandemya na siyang pangunahing suliranin ng bawat guro't mag-aaral. Dahil dito, pinagsumikapan na makabuo ng isang online modyul sa pagsasalin para sa mga gurong mag-aaral na may kani-kaniya ring mga gawain at trabaho sa mga paaralan. Dito ay magaan nilang napagsasabay ang pag-aaral at paghahanap-buhay sa pamamagitan ng pagmumulti-task. Napakalaki din ng maitutulong sa mga mag-aaral na nahihirapan na makasunod sa klase sa anomang kadahilanan sapagkat ang online modyul na ito ay maaring balikan at pag-aralang muli at magamit ng paulit-ulit upang maging lubos ang kanilang pagkatuto. Isa pa sa mga isinaalang-alang din ng mga mananaliksik ay ang kasalukuyan na ang computer at internet ay madalas kaakibat ng guro at mga mag-aaral kung kaya nakabuo ito ng isang online modyul sa kalinangang usaping pagsasalin sa Masteral na maaaring magamit offline. Maari itong maging kagamitan nang walang face to face class na magaganap sapagkat tanging gadget at internet lamang ang kailangan upang magturo at matuto nang may sapat na pag-aaral at pagmumuni-muni sa kabuuan ng kursong pagsasaling-wika. Naisasakatuparan din ng online modyul na ito ang misyon ng Komisyon ng lalong Pinakamataas na Edukasyon na malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral upang maging kapaki-pakinabang na mamayan sa ating bansa.

## Talasanggunian

Adigue, A.P., & Policarpio, S.L. (2022). Inay Ko Po, Ang Modyul Ko! Pagsipat Sa Karanasan Ng Isang Ina Sa Gitna Ng Pandemya. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR),* 8(10):18-24. https://eprajournals.com/IJMR/article/7631

Balido, H. (2016). Kabisaan ng Prezi Presentation Bilang Isang Makabagong Kagamitang Pampagtuturo. Unpublished Material. Tarlac State University. Tarlac City

Camat, L. (2005). Academic Achievements a Function of Teaching Efficiency. Unpublished Material. Tarlac State University. Tarlac City

Commission on Higher Education. (2020). CHED Memorandum Order (CMO) No. 4, series of 2020, "Guidelines on the Implementation of Flexible Learning". https://www.google.com/url?sa=t&rct=j&q=&esrc=s&source=web&cd=&cad=rja&uact=8&ved=2ahUKEwiYrKmXp-GDAxUM3jgGHT8JA04QFnoECBcQAQ&url=https%3A%2F%2Fched.gov.ph%2Fwp-content%2Fuploads%2FCMO-No.-4-s.-2020-Guidelines-on-the-Implementation-of-Flexible-Learning.pdf&usg=AOvVaw1YuycOy-rD_spWqlGaIuC0&opi=89978449

Cunanan, J. (2018). HARAYA: Modyul sa Filipino Para sa mag-aaral ng Bagong Kurikulum. Unpublished Material. Tarlac State University. Tarlac City

Department of Education. (2020). DepEd Order no. 077 series 2020: School Calendar and Activities for School Year 2020-2021. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/05/DO_s2020_007.pdf

Emotin-Bucjan, M.D. (2011). Development and Validation of Modules in English 2: Writing in the Discipline. *JPAIR Miltidisciplinary Research Journal*, 6(1). http://ejournals.ph/article.php?id=7470.

G2 Deals. (2021). Kotobee Author Reviews & Product Details. https://www.g2.com/products/kotobee-author/reviews

Kurt, S. (2017). ADDIE Model: Instructional Design. Educational Technology. https://educationaltechnology.net/the-addie-model-instructional-design/

Manalo, J.R. (2020). SULO: Kagamitang Pampagtuturo sa Panitikan. Unpublished Material. Tarlac State University. Tarlac City.

Pumpo, A. (2023) Online apps and tools for teaching. Europass Teacher Academy. https://www.teacheracademy.eu/blog/online-apps-tools-for-teaching/

Richards, J.C., & Renandya, W.A. (2002). *Methodology in language teaching: An anthology of current practice.* Cambridge: Cambridge university press.

Santos, M. (2020). Interaktibong Modyul sa Panitikan ng Filipino 7. Unpublished Material. Tarlac State University. Tarlac City.

Sadeck, O., & Cronjé J. (2017). "A Continuum of Teachers' e-Learning Practices". *The Electronic Journal of e-Learning,* 15(5): 395-408. https://www.researchgate.net/publication/320735369_A_continuum_of_teachers%27_e-learning_practices

Sulistyaningrum, D.A., Wibawanto, H., & Purwanti, E. (2023). Developing a Google Classroom Training Model for Elementary School Teachers. *Innovative Journal of Curriculum and Educational Technology*, 12(1) (2023) : 1-10. https://journal.unnes.ac.id/sju/index.php/ujet/article/view/

United Nation's Children Fund. (2021). #ReopenSchools There's no time to lose. https://www.unicef.org/coronavirus/reopen-schools?gclid=Cj0KCQjwnoqLBhD4ARIsAL5JedKsSxTl5liTUJ2mcp9jI1ArzMPODtLQXNkzFKkfrpLtkdbAF14tpHMaAtRZEALw_wcB

Yusuf, D.S.A., Rahman, M.H., Saprudin, & Hamid, F. (2023). Development of Teaching Materials related Magnetic Field Based on the Google Sites Assisted Learning Cycle Model. *Islamic Journal of Integrated Science Education (IJISE)*, 2(2): 111–123. https://doi.org/10.30762/ijise.v2i2.1525